SPEECH OF HIS EXCELLENCY BENIGNO S. AQUINO III
WORLD TEACHERS' DAY 2010
PHILSPORTS ARENA, PASIG CITY
OCTOBER 5, 2010

Magandang umaga po.

Yung nakatatanda ko pong kapatid, nung kami ay bata pa, nagkaroon ng debate sa kanyang kaklase. Pinagtatalunan po nila kung paano ang pronunciation ng 'either'. Sabi nung isa, 'either', sabi nung pangalawa, 'aither'. So buong recess wala silang ginawa kundi 'either, aither, either, aither...' Napakahaba pong debate at bago natapos yung recess, pinuntahan yung kanilang guro. Nilapitan at sinabi, 'Ma'am, paano po ba talaga ito, is it either or aither?' Ang sagot po ng teacher nila ay 'Eder of the to well do."

Totoo pong nangyari yan. Buti na lang may ibang mga guro yung aking kapatid at sya po ay natuto kung pano talaga sabihin yun. Lahat naman po tayo ay may mga idol na teacher. Meron pong...aminin ko po sa inyo na nung ako ay nasa kolehiyo, meron kaming isang teacher na napakaganda. At nung unang araw ipinaliwanag nya sa amin kung ano ang kukunin namin sa kurso nya, anong sistema nung mga paggre-grade, yung mga tests, etc. Lecture po kung paano tatakbo yung buong simestre. Nung natapos po yung kanyang lecture, nagtanong sya, 'Meron bang mga katanungan?' Sabi po nung isang kaklase ko, 'Ma'am, are you married?' Sagot po nya eh, 'Yes, I am.' Eh dun po sa eskwelang pinanggalingan namin, bawal sumuko kaya yung pangalawang nagtanong, 'Ma'am, are you happily married?' At yung pangatlo po dahil ang sinagot na naman nya ay 'Yes.' Sagot naman po nung pangatlo, 'Ma'am, in case you become unhappily married, please remember me.' Hindi po ako ang nagsabi nun.

Meron naman pong mga teacher na talaga pong ang tindi. Nung ako po ay college, fourth year college, meron po kaming dalawang institusyong titser sa Ateneo na magkasunod po yung klase. Yung isa po, eh, sa Economics namin teacher na talaga naman pong walking encyclopedia, library at tsaka computer na laging ina-upgrade. Darating po yun, yung kanyang class cards lang ang tangan. Wag kayong mambobola at talagang kayang kaya n'ya kayong paikot-ikutin, baliktarin, lahat na. Sobrang galing po. Kaya lang ang problema ko dun sa titser na yun, gusto daw po nya akong hubugin ng tama kaya yung 55 minutes po na klase namin, nirereserba nya po yung last 15 minutes na kaming dalawa lang ang nagdedebate. Paano kaya ako papasa dito baka pinepersonal ako nito?

Pagkatapos po nung Ideology, Theology naman. Dun po naman sa Theology unang araw pa lang, eh, Catholic school po kami, prayer ang umpisa. Sabi nung aking kaklase, 'Dear God...' Sabi po nung propesor, 'Sandali lang, Katoliko tayo.' Sa Katolisismo, tatlo ang pinaniniwalaan nating persona. Pag nagdasal ka, baka pwede namang liwanagin mo kung sino ang kinakausap mo. So kami naman po ay napaisip, 'Okay 'to, pati sa dasal nagko-correct.' Kaya po pagkatapos nung dalawang titser na yun, para kayong uminom ng tatlong tasang kape.

Pero ganun pa man din po, klaro sa akin na kung saan kami pinahirapan dun kami natuto nang husto. Kaya sa kanila po ako ay nagpapasalamat nang muli, na kung ano naman po yung naabot ko, eh dahil dun sa teacher ko na naging idol ko.

Pasensya na po kayo, ito na po yung pormal na bahagi. Una sa lahat, nais ko pong batiin ang lahat ng mga guro dito. Wala pong kapantay ang inyong sakripisyo at dedikasyon sa trabaho. Kaya naman kasama ng buong mundo, ipinagdiriwang po natin ngayon ang World Teacher's Day at winawakasan ang Teacher's Month Campaign. Ito po ay munting pagkilala sa mahalagang kontribusyon ng bawat guro sa kaunlaran ng lipunan.

Kaisa po ako sa pagsaludo sa inyong propesyunalismo. Kayo po ang pundasyon ng pinapangarap nating magandang kinabukasan. Kayo po ang nagpapanday sa isip ng mga kabataang magmamana ng mahahalagang tungkulin sa lipunan. Sa tulong ng DepEd, lalo na sa pangunguna ni Kalihim Br. Armin Luistro, isinusulong natin ang puspusang paglalatag ng mga programa para sa kapakanan ng mga gurong katulad ninyo.

Mabigat na tungkulin ang paghubog sa kamalayan ng mga kabataan. Ngunit lalo lang itong pinapabigat ng iba pang pasaning hinaharap ninyo sa trabaho: kakulangan sa pagsasanay at benepisyo, hindi sapat na gamit sa pagtuturo, at segunda-manong imprastraktura. Sa panahong pinaparupok ng internet, computer games, telebisyon, at iba't ibang uri ng media ang edukasyon, nariyan kayo at hindi nagpapatinag. Walang alinlangan ang inyong pagharap sa mga suliraning ito, upang maibigay sa kabataan ang mataas na kalidad ng edukasyon. Kayo ang kanilang pangalawang magulang. Hamon po sa inyo ang tungkuling ito lalo na sa mga estudyanteng dala-dala sa paaralan ang problema nila sa pamilya. Nariyan ang mga estudyanteng hiwalay ang mga magulang at mga malayo sa piling ng magulang nila dahil sa pagtatrabaho sa ibang bansa. Sa mga pagkakataong ito, kayo ang nagsisilbing gabay upang kanilang masundan ang mga wastong desisyon sa buhay.

Batid ninyong edukasyon ang sisiguro sa magandang kinabukasan ng kabataan, na sila ang magsisilbing puhunan ng ating bayan. Nag-aalay kayo ng panahon, pawis, at kung minsan, dugo at buhay sa pagganap ng inyong tungkulin, tanda ng inyong pagmamahal sa trabaho, at pagiging kabalikat sa pagtataguyod sa ating hangaring magkaroon ng tunay na pagbabago.

Marami po ang minana nating mga suliranin sa edukasyon. Makakaasa po kayong hindi ako magbubulag-bulagan sa mga problemang kailangan nating solusyunan. Unang-una po sa mga programa ng ating gobyerno ang pagpapabuti at pagpapaganda sa kalidad ng edukasyon ng bansa. Hindi po magbabago ang ating panata. Lalabanan po natin ang katiwalian sa sistema, gamit ang iisang sigaw: Kung Walang Corrupt, Walang Mahirap. Kung hindi nanakawin ang ating pondo at hindi uunahin ang sariling interes, hindi magiging kalakaran para sa ating mga guro ang matinding pagsasakripisyo. Hindi po makatarungan na pinapahirapan ang mga tapat sa serbisyo - kayo na walang ibang hinihinging kapalit kundi ang makamit ang pagbabago.

Ilang buwan matapos po tayong maupo, isinumite na natin sa Kongreso ang pambansang budget para sa susunod na taon. Bahagi po ito ng ating paninindigan: ang pera ng taumbayan ay dapat na mapunta sa taumbayan lamang.

Sa ating Reform Budget, mapopondohan natin ang teacher-training programs, madadagdagan ang mga classroom, at matutugunan ang mga kulang na kagamitan. Sa isang linggong pagbisita sa Estados Unidos, $2.4 bilyong investment po ang naiuwi natin. Tanda ito na maging ang ibang bansa ay may kompiyansa sa mandato natin sa pagbabago. Sisiguruhin ko pong sa pag-angat ng ekonomiya, kasabay nating makakamit ang mataas na kalidad ng edukasyon. Sama-sama po sana nating abutin ito.

Maganda na ang ating nasimulan. Nakikipagtulungan na rin po ang lokal na gobyerno sa pagpapatayo ng mga paaralan. Sinasabi ko sa lahat ng kawani ng pamahalaan: wrong identification of the problem leads to the wrong solution. Ang aking trabaho ay ang pagtiyak na epektibo ang magiging alokasyon ng ating pondo. Kailangan nating unahin ang higit na nangangailangan. Sa ganito pong programa, masisigurado po nating pantay-pantay na makikinabang ang lahat sa ating gobyerno, wala pong dapat na maiwan sa pag-unlad.

Sa inilabas na DepEd Order No. 102, nakagawa na ang DepEd ng listahan ng mga paaralan sa bawat rehiyon na nagkukulang po talaga ng silid-aralan. Ito po ang ating pagbabatayan kung anong mga paaralan at saang mga lugar kinakailangan ang higit na pagtutok natin para patayuan ng mga imprastraktura.

Para naman po sa mga lugar na maayos na ang sitwasyon at may sapat nang mga paaralan subalit may kakaunting bilang ng mag-aaral sa mga pribadong paaralan, ginagawan natin ito ng paraan sa pamamagitan ng Government Assistance to Students and Teachers in Private Education o GASTPE. Sinisikap po nitong pagandahin ang ating private school system upang magsilbi itong maayos na alternatibo sa mga magulang sa pagpapaaral ng kanilang mga anak. Sa pamamagitan po ng GASTPE, maiiwasan ang pagsisiksikan sa mga pampublikong paaralan.

Sinusuportahan din po natin ang National Competency-Based Teacher Standards o NCBTS ng DepEd, CHED at mga katuwang sa proyektong ito. Layunin nitong paunlarin pa ang inyong kakayahan na maibabahagi ninyo sa mga estudyante.

Patuloy po sana kayong makiisa sa ating pagtahak sa tuwid na landas. Muli po, salamat sa pagiging kabalikat ng ating administrasyon sa pagpasan ng napakarami nating minanang hamon. At sa ating pagkakaisa, abot-kamay na po natin ang hangad nating pagbabago at kasaganahan.

Mabuhay po kayo at ang lahat ng guro sa buong mundo na kasama nating nagdiriwang ngayon. Maraming salamat at magandang araw po sa lahat.